TAGALOG

# 3RD AVE PAGPAPAHABA NG TRANSIT CORRIDOR (STEWART ST HANGGANG BLANCHARD ST)

Tag-init 2023

## Pananaw

Pahahabain namin ang 3rd Ave Transit Corridor 3 bloke pahilaga mula Stewart St hanggang Blanchard St sa Belltown. Kapag naisagawa na ang pagbabago, hindi na papayagang bumiyahe ang mga sasakyan sa 3rd Ave sa pagitan ng Yesler Way at Blanchard St mula 6 ng umaga - 7 ng gabi, 7 araw sa isang linggo. Ang mga taong nagmamaneho ay maaaring bumiyahe sa 3rd Ave ng hanggang 1 bloke upang maghatid at ma-access ang mga driveway at mga garahe. Ang mga sasakyan na may mga permiso para sa sasakyang komersyal sa sona ng kargahan ay maaaring gamitin ang 3rd Ave mula 9 ng umaga - 3 ng hapon upang ma-access ang mga sona ng kargahan para sa sasakyang komersyal. Mga bus at mga nagbibisikleta ang pahihintulutang lumiko ng pakaliwa sa mga interseksyon sa loob ng 3rd Ave Transit Corridor. Mga taong nagbibisikleta ay pahihintulutang ituloy ang paggamit ng 3rd Ave.

Sa ibaba ay isang mapa ng lugar kung saan namin pahahabain ang 3rd Ave Transit Corridor at ang mga ipagbabawal sa mga taong nagmamaneho.

## Mga Benepisyo

Ginagawa namin itong mga pagbabago upang pagbutihin pa ang oras ng pagbibiyahe sa bus at tulungan ang mga bus na kumilos ng mas-mahusay. Ang 3rd Ave hanggang sa downtown Seattle at sa kapitbahayan ng Belltown ay isang mahalagang koridor ng bus. Nagdudulot ito ng koneksyong transit para sa mga tao sa kabuuan ng lungsod at rehiyon. Nung 2018, sinimulan namin ang pagbibgay priyoridad sa mga bus sa 3rd Ave sa pamamagitan ng paglilimita ng kalye para sa mga bus lamang sa pagitan ng Yesler Way at Stewart St. Sa pagpahaba ng pagbabawal para sa bus lamang hanggang Blanchard St ay kukumpletuhin nito ang 3rd Ave Transit Corridor at maisasama ang natitirang 3 bloke na ginagamit ng marami sa mga bus na may madalas na serbisyo o mataas na bilang ng mga sumasakay (gaya ng RapidRide C, D, E at ng Ruta 40). Sinusuportahan din nitong pagbabago ang Executive Order ng Mayor sa hustisya sa klima ng transportasyon sa pamamagitan ng pamumuhunan ng mga daanan ng bus.

## Iskedyul

Plano naming ipatupad ang pagbabagong ito sa taglagas ng 2024. Magdadagdag kami ng mga karatula para samga taong nagmamaneho at magsasagawa ng karagdagan pang mga pag-aabot minsan ang panibagong mga pagbabawal ay naisapuwesto na.











*Mga halimbawa ng mga palatandaan sa 3rd Ave Transit Corridor*

**IMPORMASYON AT KONTAK NG PROYEKTO**
Candace Goodrich, Ang Pinuno sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad
206-735-5478 | Candace.goodrich@seattle.gov

Seattle Department of Transportation

**Ipinapakita ng mapa na ito kung saan namin pinapalawak ang mga restriksyon na bus lamang at kung saan hindi maaaring bumiyahe ang mga sasakyan kapag ang restriksyon na bus lamang ay naipatupad.**




**IMPORMASYON AT KONTAK NG PROYEKTO**

Candace Goodrich, Ang Pinuno sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad
206-735-5478 | Candace.goodrich@seattle.gov

Seattle Department of Transportation